

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-32 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 23 AGOSTO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY SAN RAFAEL.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 070
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG SPO1 JAVIER MINGI LARGADO NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T	ang paglilingkod sa bayan at mga mamamayan ay isang magandang adhikain na lalong pinagiging dakila kung dito ay nakataya ang buhay ng isang lingkod-bayan;
SAPAGKA'T	ang pagiging isang sundalo o alagad ng batas na nagpapatupad ng katahimikan at kaayusan ng bayan at mga pamayanan nito ay isang marangal na gawaing kalugod-lugod sa mga pinaglilingkuran;
SAPAGKA'T	si SPO1 Javier Mingi Largado ay pumasok sa pagiging sundalo sa Philippine Constabulary noong Agosto 5, 1982; noong Enero 2, 1991 ang Konstabularya ay nabuo kasama ng iba pang dibisyon ng kawal Pilipino bilang Philippine National Police o PNP kung saan siya ay nagkaroon ng ranggong PO3;
SAPAGKA'T	sa kanyang matapat at maayos na pagtupad sa gawain siya ay nataas sa tungkulin bilang SPO1 noong Enero 15, 1993;
SAPAGKA'T	si SPO1 Largado ay nagbuhat sa 411 Provincial Mobile Force Company na isang yunit na talastas ng bayan na matapang na humaharap sa mga ilegal na gawain at grupong kumakalaban sa pamahalaan at kalilipat pa lamang niya sa Himpilan ng Pulisya ng Roxas noong Hulyo 29, 1999;

- SAPAGKA'T sa tawag ng tungkuling ayusin at payapain ang isang kaguluhang banta sa buhay ng maraming mamamayan si SPO1 Javier Mingi Largado ay nagbuwis ng buhay alang-alang sa kanyang sinumpaang tungkulin;
- SAPAGKA'T si SPO1 Javier Mingi Largado ay isang magandang halimbawa ng mataas na uri ng paglilingkod sa bayan, matapang at buo ang loob, matapat sa kanyang tungkulin at gawain sa loob ng labimpitong taon;
- SAPAGKA'T ang kanyang biglang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanayang tanggapan at sa kabuuan sa hukbong sandatahan ng ating bansa;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay sa kalungkutan at pamimighati ng kanyang butihing maybahay, mga anak at mga kaanak sa pagpanaw ni SPO1 Javier Mingi Largado.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng pumanaw na si SPO1 Javier Mingi Largado ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Esther F. Largado lakip ang aming tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 23 Agosto 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA F. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan